OFFICE OF THE MAYOR
Bustos, Bulacan
RECEIVED
By:
Date: OCT 24 2019 Time:

# KAPASIYAHAN BLG. 2019-125

**"NAGBIBIGAY PAHINTULOT SA PUNONG BAYAN, IGG. FRANCIS ALBERT G. JUAN, NA KATAWANIN ANG PAMAHALAANG BAYAN NG BUSTOS AT LUMAGDA SA *MEMORANDUM OF AGREEMENT* (MOA) SA PAGITAN NG PAMAHALAANG BAYAN AT CAMBAOG NATIONAL HIGHSCHOOL NA NAUUKOL SA WORK IMMERSION PARTNERSHIP."**

---

*Pinagtibay sa mungkahi ni:*
**Igg. John Erick L. Perez**
Tagapangulo
Lupon sa Edukasyon, Agham, Teknolohiya, Telekomunikasyon at Transportasyon

---

**SAPAGKA'T,** naghain ng kahilingan ang Punong Bayan, Igg. Francis Albert G. Juan, na mabigyang pahintulot na katawanin at lumagda sa isang Memorandum of Agreement (MOA) sa pagitan ng Pamahalaang Bayan at Cambaog National Highschool;

**SAPAGKA'T,** ang kasunduang ito ay ukol sa work immersion program para sa mga mag-aaral ng Cambaog National Highschool partikular sa senior highschool na nasa ilalim ng K-12 program;

**SAPAGKA'T,** sa masusing pag-aaral ng Lupon sa Edukasyon, Agham, Teknolohiya, Telekomunikasyon at Transportasyon ay napatunayang ang kasunduang ito ay higit na makakatulong upang ihanda at mabigyan ang mga mag-aaral ng karampatang kaalaman at karanasan ukol sa kanilang linya ng espesyalisasyon at sa pamamagitan nito ay mauunawaan ng mga mag-aaral ang kahalagahan ng isang trabaho, kung saan higit nilang maiintindihan ang kaakibat na responsibilidad nito.

**KUNG KAYA'T,** sa mungkahi ni **IGG. JOHN ERICK L. PEREZ** na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat ng kasangguning dumalo sa pulong na ito.

**IPINASIYA, gaya ng dito ay IPINASISIYA**, na bigyan pahintulot ang Punong Bayan, Francis Albert G. Juan, na katawanin ang Pamahalaang Bayan ng Bustos at lumagda sa *Memorandum of Agreement* (MOA) sa pagitan ng pamahalaang bayan at Cambaog National Highschool na nauukol sa *work immersion partnership*.

**PINAGTIBAY,** ngayong ika-15 ng Oktubre taong Dalawang Libo at Labing Siyam sa Bulwagang Amado S. Raymundo, Poblacion, Bustos, Bulacan.

| | |
|---|---|
| **Juliet DJ. Dela Cruz**<br>Kasangguni | **Jonalyn S. Ortega-Santos**<br>Kasangguni |
| **Toni Flor H. De Guzman**<br>Kasangguni | **Rosette G. Pangilinan**<br>Kasangguni |
| **John Erick L. Perez**<br>Kasangguni | **Aljhaneal E. Quiñones**<br>Kasangguni |
| **Melvin H. Melencio**<br>Kasangguni | **Gemar Aldrich M. Cruz**<br>Kasangguni |
| **Martin SJ. Angeles**<br>ABC President | **Angelica L. De Leon**<br>SK President |

**Arnel F. Mendoza**
Pangalawang Punong Bayan at
Tagapangulo ng Sangguniang Bayan

Pinatutunayan ko ang Kawastuhan at Katotohanan na ang nakatitik sa itaas nito ay pinagtibay ng Sangguniang Bayan ngayong ika-15 ng Oktubre taong Dalawang Libo at Labing Siyam.

**ATTY. GERARDO S. BRIASA**
Kalihim